

Saligan Ng Wikang Pilipino

Ni Ines C. Cruz

ANG wikang Tagalog, na pinagbatayan ng wikang Pilipino ay itinakda ng mga pangyayari upang siyang kumatawan sa lahat ng wikang katutubo rito sa Pilipinas at tanghaling saligan ng wikang pambansa.

Ang wikang ito'y ipinalagay nang isang wikang lumalaganap dito sa Pilipinas, kundi man pambansang wika, noon pa mang panahon ng mga panunuklas at pandarayuhan ng mga taga-Europa. Isang paring kastila, si Padre Chirino, ang nagsabi sa kanyang pahatid-ulat sa Roma noong taong 1613, na dito sa Pilipinas ay may isang wikang ginagamit at nauunawaan ng mga tao magbuhat sa hilagang Luzon, doon sa mga pulo ng Babuyan, hanggang sa timog ng Mindanaw, doon sa lapit-lapit na pulo ng Basilan.¹

Sa kasalukuyan, sino ang hindi maniniwala kung sasabihing ang wikang Tagalog na siyang saligan ng wikang Pilipino ay sadyang pinagpala ng kalikasan, ng panahon, at ng mga pangyayari. Sa madaling sabi ay pinagkalooban ng biyaya ni Bathala upang tanghaling pinakatampok sa lahat ng wika dito sa ating bansa. Ang wikang ito'y siyang itinakda upang bumuklod sa mga Pilipino sa iisang damdamin at pag-uunawaan. Ito ay labis na nating batid. Kungmagkaminsan nga lamang ay may mga taong higit pang napansin ang butas ng karayom kaysa butas ng palakol. O kaya'y dahil sa tinatawag na amorpropyo kaya't hindi matanggap ang isang katotohanan.

Kalikasan ang nagtadhana na Tagalog ang maging wika sa Lunsod ng Maynila, ang lunsod na pinagdayo at nilulunggating marating ng lahat. Ang wikang Tagalog ay sasapit din sa isang kasaysayang tulad din ng pinagdaanan ng wika ng mga Ingles, ayon sa kasaysayan. Ang wikang Ingles ng lumipas na ika-5 daantaon (5th century) bago nagkatawang-tao si Kristo ay hindi ang Ingles ng Inglatera ngayon. Nang panahong yaon daw, at maging nang ika-12 daantaon, ang mga Ingles ay walang wikang pambansa. Sila ay gumagamit ng iba-ibang wika. May wika para sa mga karaniwang tao, at mayroon namang pamamahalaan at pangmaharlika. Ang kasalukuyang pambansang wika ng mga Ingles ay nagmula sa lunsod ng Londres (London) na siyang wika ng mga karaniwang tao. Dahil sa pagiging sentro ng lunsod na

ito, at pagkakalagay sa isang mabuting lagay sa heograpiya, ang wikang ginagamit ng mga karaniwang tao sa lunsod na ito ay nagkaroon ng mabuting pagkakataong magpalipat-lipat sa maraming bibig, sa mga kalapit-purok, bayan at mga pulo, hanggang sa ito'y tanggaping wika ng buong Inglatera, isang wika ng bansa. Tulad ng Londres, ang Maynila ay pangunahing Lunsod sa Pilipinas. Ito ang lunsod na laging nangunguna sa lahat ng kaunlaran, sa makabagong moda at kabihasan, sa politika at industriya, sa kultura at sibilisasyon. Ito ang lunsod, na tulad sa sumisikat na araw, ay nagsasabog sa buong paligid ng Pilipinas ng maningning na silahis, at naghahasik ng kabihasan at ng kultura. Ang Tagalog na siyang wika sa Maynila, tulad din ng Ingles, ay madaling lalaganap. Tulad ng agos ng tubig ang wikang ito'y magpapatuloy sa pag-unlad hanggang sa maging pala-sak sa buong Pilipinas.

Hindi ba isang katotohanan na tayong mga tagalalawigang di-tagalog ay nagtutungo sa Maynila bilang estudyante, mangangalakal, manggagawa, mambabatas, o kaya'y kawani sa mga tanggapan? Sa ilang araw, linggo, buwan, at taong ipamalagi nating lahat sa lunsod ng Maynila ay hindi ba natututo tayong magsalita ng wikang ginagamit ng mga tagaroon? Samantalang tayo'y naninirahan sa Maynila ay ginagamit natin ang wikang Tagalog sa mga pamilihan, tindahan, sasakyan, at kung magkaminsa'y sa tanggapan at mga paaralan, kahit na noon pa mang bago maitakda ang wikang pambansa. Kung ang isang Ilukano at isang Bisaya, O Bicolano ay magkatagpo sa isang pagawaan sa Maynila, karaniwang gumagamit sila ng Tagalog upang magkaunawaan sapagka't hindi sila marunong ng Ingles. Sa mga pamilihan, hindi ba karaniwan na ang isang Ilukano ay magsalita ng Tagalog sa kanyang mga pamimili o pagbibili? Ang isang utusang Ilokano sa tahanan ng isang Tagalog o Bisaya ay hindi ba gumagamit naman ng Tagalog sa kaniyang mga pakikipag-usap?

Sa pagbabalik ng mga tagalalawigan sa kani-kani- lang pook o bayan, sa ayaw man nila o sa ibig, ay taglay na nila ang binhi ng wikang Tagalog, kaya't kung magkaroon sila ng pagkakataong makatagpo ng mga taong nagsasalita ng Tagalog ay may-kasanayan na silang makipag-usap. Ang wikang ito'y palagian nang tataglayin ninuman sa pagbabalik sa kanyang bayan buhat sa Maynila.

¹ Verzosa, Paul — *The Filipino National Language* (a pamphlet) p. 3

Nang kasalukuyan namang pinag-aaralan ng mga kagawad ng Surian ng Wika ang paghirang sa isang katutubong wikaing magagamit na saligan ng wikang pambansa, ay natuklasan nilang ang wikang Tagalog ay higit na linang kaysa Iloko, Bisaya, Bikol at iba pang wikang katutubo noon pamang mga unang panahon ng mga Kastila. Sa tulong ng ilang paring mapag-aral ay nagkaroon ng mga aklat tungkol sa wikang Tagalog. Sa mga ito'y mababanggit ang mga sumusunod:

I. Limang Akda ukol sa Gramatika:

1. *Arte y Regla de la Lengua Tagala* ni Pari Blancas de San Jose na ipinalimbag ni Tomas Pinpin noong 1610.
2. *Compendio del Arte de la Lengua Tagala* ni Pari Gaspar de San Agustin na lumabas noong 1703.
3. *Arte de la Lengua Tagala y Manual Tagalog* na nalimbag noong 1745.
4. *Ensayo de Gramatica Hispano Tagala* ni Pari Toribio Miguella, 1858.
5. *Nueva Gramatica Tagalog Teoretico* ni Pari Juan Curia, 1872.

II. Limang Akda ukol sa Talasalitaan:

1. *Manual de la Conversacion Familiar Hispano-Tagalog, Siguido de un Curso Vocabulario de Modismo*, Manilaños ni T. M. Abella.
2. *Vocabulario de la Lengua Tagala* ni P. de San Buenaventura, 1613.
3. *Vocabulario de la Lengua* ni Pari Noceda at Pari San Lucar na Kapwa Hesuwita, 1754.
4. *Nuevo Diccionario Manual Español-Tagalog* ni Pedro Serrano Laktaw, 1889.
5. *Diccionario de Terminos Communes Tagalog-Castellano* ni Pari Juan Curia, 1869.

III. Mga Akdang Nauukol sa Literatura:

1. Mga Akdang Nauukol sa Pagtula — *Arte Poetico Tagalog* ni Francisco Buenconcillo, 1703; *Estilo Poetico* ni Toribio Miguella, 1895.
2. Mga Sanaysay — *Tandang Basio Makunat* ni Pari Bustamante, 1885.
3. Mga Pahayagan — *El Pasig*, 1892; *Diariong Tagalog*, 1882; *Pliegong Tagalog*, 1896.²

Tunay rin namang ang mga ibang wika rito ay napag-ukulan ng pag-aaral, subalit ang pagkalinang ay hindi gaanong naging malawak. Halimbawa, ang mga Ilokano ay may maipagmamalaking *Arte de la Lengua Iloca* ni Pari Francisco Lopez noong 1637 at *Vocabulario de la Lengua Ilocano* ng pari ring nabanggit. Mayroon ding Epiko, ang *Biag ni Lam-ang*, na bagama't hindi maipapantay sa *Florante* ay nagsasaad naman ng kultura ng mga Pilipino noong daantaon 17 (17th century).³

² Alejandro—Pineda — *Ang Panitikang Pilipino*. Bookman Inc., Manila 1950, pp. 15-82

³ Idem pp. 188 ff

Ang mga Bisaya ay may *Vocabulario de la Lengua Visaya* ni Anselmo Avanceña, isang Pilipino (1711), at mayroon din silang "*Lagda*" na tulad ng *Urbano at Felisa* ni Pari Modesto de Castro, 1865.⁴

Anupa't sa pag-aaral na ginawa ng Surian ay lumabas na tanging sa wikang tagalog lamang masusumpungan ang kalinangang kinakailangan sa pagbuo ng isang wika para sa bansa. Kaya't sa mungkahing iniharap sa Kagalang-galang M. L. Quezon, Pangulo ng Pilipinas sa panahong yaon, ay itinagubilin ng Surian na ang Wikang Pambansang bubuuin ay sa wikang Tagalog ibatay sapagka't ito'y siyang wikang nagtataglay ng higit na kalinangan.

Ang wikang Tagalog ay isang wikang lalong malaganap. Sa kasalukuyan, ang gumagamit ng wikang ito bilang katutubong wika (native language) sang-ayon sa senso noong 1948 ay hindi kukulangin sa 3,730,028. Ang kabuuan naman ng mga mamamayang nakapagsasalita ng wikang ito ay hindi kukulangin sa 7,126,913, mahuli-huli lamang ng kaunti sa Ingles (29,507) pagkat ang gumagamit ng Ingles ay may 7,156,420.⁵

Ang wikang Tagalog ay hindi rin naman gaanong naiiba sa wikang Iloko, o sa iba niyang mga kapatid na wika. Sang-ayon sa isang talang minsang inilathala sa magasing panlinguhan ay sinasabi ang ganito.⁶

"The difference of Tagalog lexicon from other principal languages in the Philippines being only that of variations in pohetics and geographic situation. Tagalog differs from Bisaya, Ilokano and Pangasinan by 30%; from Bikol by 25%; from Pampango by 20%; and from Magindanao and Igorot by 35%. All Philippine Languages differ from Spanish by 90% and from English by 100%."⁷

Upang mabatid ang tunay na pagkakaugnay ng wikang Tagalog at ng Iloko, isang guro sa I Baitang (Grade I) sa sangay ng La Union ang noong 1949 ay gumawa ng isang pag-aaral tungkol sa mga talasalitaang kanyang itinuturo. Sa may 800 talasalitaang gamit sa I Baitang ay lumabas na 70% ang kung hindi man tiyak na magkatulad sa baybay at katuturan ay nakakahawig naman sa himig o tunog. Dahil sa higit na pagkakahawig ng Tagalog sa kanyang ibang kapatid na wika ay matitiyak na ang Tagalog ay madaling matutuhan.

Isa pang katangiang taglay ng wikang Tagalog ay ang higit na kayamanan nito. Lahat ng tanyag na wikang katutubo rito ay mayayaman din pagka't kapatid na wika ng Tagalog at pawang buhat sa iisang inang-wika, ang Tagala na Kabilang sa Malayo —

⁴ Idem 11 214 ff

⁵ Statistics Handbook of the Philippines—1952; Bureau Census.

⁶ Idem & Statistics—Manila p. 13

⁷ "Dialectic Differences" — L. P. Lopez translated by P. Verzosa—The Sunday Times Magazine Vol. IX; No. 83, Nov. 8, 1953 p. 15

Indonesya,⁸ nguni't sa Tagalog nasumpungan ng Surian ang higit na kayamanan. Ang kayamanang ito'y hindi lamang sa pagkakaakma ng mga salita tulad ng natuklasan ni Wilhelm V. Humboldt, isang bantog na pantas-wikang aleman. Ang wikang ito'y mayaman din sa pag-uukol ng mga kataga sa mga kilos, galaw, amoy at iba pa. Halimbawa, sa salitang tuminging ayon kay Sofronio Calderon, kung ang ibig sabihin ay:

tuminging sa itaas, ang wiwikain ay tumingala
tuminging sa ibaba, ang wiwikain ay tumungo
tuminging sa palibot, ang wiwikain ay lumingap
tuminging sa likuran, ang wiwikain ay lumingon
tuminging sa malayo ang wiwikain ay tumanaw
tuminging saglit ang wiwikain ay sumulyap
tuminging pasenyas ang wiwikain ay kumindat
tuminging na may kabalasan, ang wiwikain ay
mandilat o manlisik⁹

Sa isang salitang-ugat nama'y kay-raming pagbabagong-anyo at katuturan ang nalilikha sa tulong ng panlapi. Halimbawa, ang salitang *bili*. Sa tulong ng panlapi, ito'y mapagbabagong-anyo at katuturan nang may walumpu't apat na paraan. Ilan sa mga ito ay bili, binili, makibili, pabili, ipagbili, bili-bilihan, ibili, ipinamili, atb.

Sa wikang Tagalog ay masusumpungan din ang lahat ng diing (stress) kinakailangan upang mabigyan ng hustong bigkas ang salita. Ang malumay, mabilis, malumi, maragsa, mariin at mala-aw, bagaman taglay ng wikang Bisaya at Bikol, ay di masusumpungang lahat sa wikang Iloko. Sa Iloko ay tatatlo ang diing ginagamit ang malumay, ang mabilis at ang malaw-aw lamang.

Mga tagaibang lupa na rin ang nagsasabi na maganda, magalang, matamis, magiliw, at puno ng talinhaga ang wikang Tagalog. Kung makikipag-usap sa di man kilalang tao ang pagtatanong ay hindi ibinibigay sa una o ikalawang panauhin, kundi laging pangatlo.

Halimbawa: "Sino po ba sila?" at hindi "Sino ka ba?"
"Sino ka?"

"Sila po ba ay si G. Lopez?" at hindi "Si G. Lopez ka ba?" o "Ikaw ba ay si G. Lopez?"

"Manhik po sila," at hindi "manhik ka."

Ang tamis, lambing, talinhaga at pagpipitagan ay mapapakinggan naman sa mga sumusunod:

Isang Paanyaya

Hoy! tagaibang bayang giliw,
Halika muna rini sa amin;

⁸ Websters *International Dictionary*, Merriam Co., U.S.; Second Edition p. 336

Kung wala mang ulam at kanin,
May hitso namang ngangangain.

Sa mga patalinhaga naman ay ito:

Kasiyahan at mabuting kaugalian sa pamumuhay:

"Sakaling wala ka, matutong maghintay,
Huwag ugaliing mayroon araw-araw;
Ikaw ay lumayo sa pagkakautang,
At kahiya-hiyang mabuhay sa hiram."

Umaga, pagsikat ng araw:

"Naliligo sa liwayway ang dilim ng lupa't
langit,

Umaapaw sa liwanag ang lawak ng
himpapawid.

Ang amihan sa ibabaw ng dagat ay
bumabalik,

Naghahatid sa halaman ng hamog na
malamig."

Kataasan at kapalaluan:

Ang yamang salapi'y pinggang babasagin,
Paglagpak sa bato'y abang pamantingin.

Karunungan:

Ang dunong ay higit sa yamang salapi
Pagka't natatago na may pitong susi.¹⁰

Sa madaling sabi ay hinirang ang wikang Tagalog upang maging saligan ng wikang pambansa ng mga Pilipino dahil sa ilang mga katangiang taglay ng wikang ito, tulad ng:

1. Pagkakaroon ng isang mabuting lagay. (Good Geographical location).
2. Pagkakaroon ng higit na kalinangan sa gramatika at literatura. (Well developed grammar and literature).
3. Pagiging madaling pag-aralan dahil sa malapit na pagkakaugnay sa ibang wika natin. (Ease of Learning)
4. Pagiging mayaman sa talasalitaan at pamamaraan ng pagpapahayag. (Wealth in vocabulary and Phraseology or expression).
5. Pagtataglay nito ng paraan ng pagpapahayag na matamis at magiliw pakinggan. (Sweet, beautiful and figurative expressions).

Ang wika nga ni Padre Chirino: "Sa wikang Tagalog ay nasumpungan ko ang mga katangian ng apat na pangunahing wika ng sangkatauhan; *ang hiwaga ng Ebreo, ang kadaglian ng Griyego; ang yaman at ganda ng Latin; at ang pitagan ng mga Kastila.*"¹¹

^{9, 10 & 11} Calderon, Sofronio, *Ang Yaman ng Wikang Tagalog*; Nat. Lang. Inst. Publication, Manila Vol. IV; No. 14—January 1939, pp. 27, 30-32, 33

Notes gathered from the class in Philippine Linguistic under Mrs. V. Ganiesia Mendoza.